



Pagkilala sa Pag-aari ng Diyos

Leksyon 27

1. Sino ang nagmamay-ari ng sanlibutan?

Awit 24:1 _____

2. Ano ang inaangkin ng Diyos bilang Kaniya?

Awit 50:10 _____

3. Ano naman sa kayamanan ng sanlibutan?

Hagai 2:8 _____

4. Ang kaharian ng Diyos ay tulad sa isang taong paroroon sa isang malayong lupain, na ano ang ginawa?

Mateo 25:14 _____

Tayo ay mga “mga katiwala ng mga hiwaga ng Dios.” 1 Corinto 4: 1

5. Ano ang nangyayari sa mga kayamanang tinitipon sa lupa?

Mateo 6:19 _____

6. Ano ang gagawin natin sa mga kayamanang ipinagkatiwala sa atin?

Mateo 6:20 _____

7. Ano ang ipinapakita ng ating mga kayaman?

Mateo 6:21 _____

8. Kung ang ating puso ay nasa Panginoon, ano ang tanong na ating itatanong?

Awit 116:12 _____

9. Ano ang dadalhin natin kapag pumapasok tayo sa Kanyang mga looban?

Awit 96:8 _____

10. Magkano ang handog na ating ibibigay?

Deuteronomio 16:17 _____

11. Ano ang nangyayari kapag tayo ay nagbibigay?

Lucas 6:38 _____

12. Saan ninakawan ng iba ang Diyos?

Malakias 3:8 _____

Pansinin na ang ikapu at handog ay dalawang magkaibang mga bagay.

13. Ano ang nangyayari kapag ninakawan ko ang Diyos?

Malakias 3:9 _____

14. Sino ang nagmamay- ari ng ikapu?

Levitico 27:30 _____

15. Ano ang gagawin natin sa mga pag-aari ng Diyos?

Mateo 22:21 _____

16. Nararapat na tayo ay mag- ikapu at gumawa ng lalong mahahalagang bagay ng kautusan?

Mateo 23:23 _____

17. Ano ang dapat nating maramdaman tungkol sa anumang ibinibigay natin sa Diyos?

1 Cronica 29:14 (huling bahagi) _____

18. Ano ang ibinigay ni Abraham kay Melchisedec?

Genesis 14:20 _____

Si Jesus ay “naging dakilang saserdote magpakailan man ayon sa pagkasaserdote ni Melquisedec.” Hebreo 6: 20. Pansinin na ang pag-iikapu ay isinasagawa na ng bayan ng Diyos bago pa man magkaroon ng pagkasaserdoteng Levitical.

19. Magkano ang ikapu?

Hebreo 7:1-2 _____

20. Magkano ang magiging banal sa Panginoon?

Levitico 27:32 _____

21. Ano ang ipinanata ni Jacob sa Diyos?

Genesis 28:22 _____

22. Ibinabalik ba natin ang ikapu ng Diyos pagkatapos na mabayaran na atin ang ano pa man, o una nating ibinabalik ang Kanyang ikapu?

Kawikaan 3:9 _____

23. Kanino nagbigay ang Israel ng ikapu?

Bilang 18:24 _____

24. Anong paglilingkod ang kanilang ginawa upang maging karapat – dapat na tumanggap ng ikapu?

Bilang 18:21 _____

25. Ipinagutos ng Panginoon na sino ay dapat mangabuhay sa pamamagitan ng evangelio?

1 Corinto 9:13-14 _____

26. Dalhin ninyo ang buong ikasangpung bahagi saan?

Malakias 3:10 _____

27. Upang magkaroon ng pagkain saan?

Malakias 3:10 _____

“Sa bahay ng Dios, na siyang iglesia ng Dios na buhay.” 1 Timoteo 3: 15

28. Kung may katapatan nating ibabalik ang Kanyang ikapu, ano ang gagawin ng Diyos?

Malakias 3:10 _____

Malakias 3:11 _____

29. Ano pang iba ang ipinangako Niya?

Kawikaan 3:10 _____

30. Ano ang isang paraan ng pag-iipon ng kayamanan sa langit?

Mateo 19:21 _____

31. Paano nagdadala ng balik ang ganitong uri ng pamumuhunan?

Kawikaan 19:17 _____

32. Ano ang dapat nating alalahanin tungkol sa Diyos?

Deuteronomio 8:18 _____

33. Kung wala tayong sapat na kayamanan na nais natin, ano ang dapat nating gawin?

Hebreo 13:5 _____

“Maigi ang kaunti na may pagkatakot sa Panginoon, kay sa malaking kayamanan na may kabagabagan.”
Kawikaan 15: 16

“Siyang umiibig sa pilak ay hindi masisiyahan sa pilak; o siya mang umiibig sa kasaganaan ng pakinabang: ito man ay walang kabuluhan. Pagka ang mga pag-aari ay nagsisidami, ay nagsisidami silang nagsisikain ng mga yaon: at anong pakinabang mayroon ang may-ari niyaon, kundi ang mamasdan ng kaniyang mga mata?” *Ecc 5: 10, 11*

“Datapuwa't ang kabanalan na may kasiyahan ay malaking kapakinabangan: Sapagka't wala tayong dinalang anoman sa sanglibutan, at wala rin naman tayong mailalabas na anoman; Nguni't kung tayo'y may pagkain at pananamit ay masisiyahan na tayo doon. Datapuwa't ang mga nagsisipagnasang yumaman, ay nangahuhulog sa tukso at sa silo at sa maraming mga pitang hangal at nakasasama, na siyang naglulubog sa mga tao sa kapahamakan at kamatayan. Sapagka't ang pagibig sa salapi ay ugat ng lahat ng uri ng kasamaan; na sa pagnanasa ng iba ay nangasinsay sa pananampalataya, at tinuhog ang kanilang sarili ng maraming mga kalumbayan. Datapuwa't ikaw, Oh tao, ng Dios, tumakas ka sa mga bagay na ito, at sumunod ka sa katuwiran, sa kabanalan, sa pananampalataya, sa pagibig, sa pagtitiis, sa kaamuan.” *1 Timoteo 6: 6-11*

34. Ano ang ating dapat pagtuunan ng pansin? At ano ang pangako?

Mateo 6:33 _____

Sa Liwanag ng Salita ng Diyos....

O Nauunawaan kong ang ikapu ay inilaan upang matustusan ang gawain ng mabuting balita, at ang ika-sampu ng aking kita ay pag-aari Niya para sa layuning iyon.

O Nauunawaan kong ang Diyos ay humihingi din ng malayang mga handog sang- ayon sa kung paano Niya ako pinag-pala, na ang mga kaloob na ito ay naghahayag ng kalagayan ng aking puso para sa Kaniya.

O Pinili kong tapat na ibalik sa Diyos ang Kanyang ikapu at aking mga handog, dahil sa pag-ibig ko sa Kaniya.

Karagdagang mga puna: _____

Pangalan: _____

Susunod na Leksyon: *Natatanging Bayan ng Diyos*